

# Chapter One



**H**anda na si Celine para sa byahe niya patungong Quirino Province nang gabing iyon. Isang knapsack lamang ang kanyang dala dahil ilang araw lang naman siya mamamalagi roon.

Sa makalawa ay gaganapin ang kasal ng kanyang amo na si Patrice at ang mapapangasawa nitong si Romer sa nabanggit na probinsya na siyang hometown ng magkatipan. Parehong Ifugao ang mga ito. Si Patrice ang may-ari ng flower shop na pinagtatrabahuan ni Celine bilang flower arranger. Siniguro niyang nagawa niya ang lahat ng bilin ng babae bago pa siya magbyahe.

Nag-text na siya sa driver ni Patrice na si Mang Ambo upang sabihing maaari na siya nitong sunduin. Ngunit wala pa rin itong reply, kaya nagpasya ang dalaga na tawagan na lang ito. Si Aling Nelda ang sumagot sa tawag niya, ito ang asawa ng lalaki. Mataas daw ang lagnat ng matandang driver, kaya hindi raw nito kakayaning magmaneho ngayong gabi.

Na-stress ang dalaga sa narinig. Hindi siya marunong magmaneho at masyado na ring atrasado kung ngayon pa siya maghahanap ng

taong magmamaneho para sa kanya.

Tinawagan niya si Patrice. Kailangang malaman nito ang sitwasyon.

“Mag-bus ka na lang, Celine!” Halatang na-stress ang kanyang amo nang ibalita niya ang nangyari. “Kailangan ko ang mga gowns bukas kasi kailangang mai-fit iyan ng mga abay. Darating bukas iyong tiyahin kong mananahi para i-adjust ang mga may problemang gowns.” Desidido ang boses nito.

“Magko-commute ako?” dismayadong bulalas niya.

“Di ka nga marunong magmaneho, eh, di mag-commute ka!” Tila nainis pa ito sa naging reaksyon niya. “Habulin mo ang last trip ng *Dagupan* bus papuntang Maddela Quirino,” mariing bilin nito.

Eksaheradong nakamot ni Celine ang kanyang ulo. Sa lahat pa naman ng ayaw niya ay iyong bumibyahe siyang mag-isa. Pero hindi siya puwedeng tumanggo dahil nasa kanya ang mga gowns ng mga abay sa kasal. “O sige na, sige na, magbu-bus na kung magbu-bus.” Ilang sandali pa’y nagpaalam na siya sa amo.



Nakarating din si Celine sa bus teminal ng *Dagupan*. Nakahinga siya nang maluwag dahil naabutan pa niya ang last trip. Ang dami pa naman

niyang bitbit—ang kanyang knapsack, ang kahon ng wedding gown at dalawang malalaking sando bags ng gowns ng mga abay. Hindi naman ganoon kabigat ang mga iyon pero mabulto ang mga gowns.

Hindi niya mapigilan ang pag-init ng kanyang ulo sa sitwasyon niya ngayon. Buti sana kung kabisado niya ang lugar na pupuntahan. First time niyang makakatapak sa lupa ng Norte.

Mabilis niyang hinanap ang numero ng upuan na nakasulat sa kanyang nabiling ticket pag-akyat niya sa bus. Mataas na ang numerong nakasulat sa ticket, kaya nasisiguro niyang nasa bandang likuran na ang nakuha niyang upuan. Inayos niya ang kanyang mga dala-dalahan. Isiniksik niya ang mga iyon sa baggage compartment na nasa gawing itaas ng bus. Inilabas niya ang baong tissue para may ipansalpak siya sa bilog na outlet ng air-con kapag gininaw na siya.

Pasalampak na iniupo ni Celine ang katawan dahil pakiramdam niya ay namamanhid na iyon sa pagod at pressure. Ilang araw na rin siyang hindi magkandaugaga sa mga utos ni Patrice sa kanya, kaya parang langit sa pakiramdam niya nang mailapat niya ang likod sa backrest ng kanyang upuan. Kailangan niyang makatulog para hindi naman siya mukhang bilasang isda pagdating sa

Nagtipunan.

Ipinikit ng dalaga ang kanyang mga mata. Nakakaengganyo ang lamig ng air-con ng bus habang sinasabayan pa iyon ng mahinang mellow music mula sa stereo ng sasakyan. Bahagya siyang na-relax. Mayamaya pa'y nakatulog na siya.

“Miss, Maddela na.”

Tinig ng konduktor ang gumising kay Celine. Hirap siyang imulat ang mga mata niya. Narinig niyang muli ang tinig nito kaya napilitan na siyang imulat ang kanyang mga mata. Napaderecho siya ng upo nang makitang siya na lang pala ang natitirang pasahero sa loob ng bus. Kaagad niyang tiningala ang mga dalang bagahe. Salamat naman at kompleto pa ang mga iyon.

“Saan ba dito ang terminal ng mga jeep na papuntang Nagtipunan?” tanong niya sa konduktor habang kinukuha ang mga dalahin.

“Diyan lang sa kanto, Madam. Malapit lang iyon sa terminal namin. Kung gusto mo ay doon ka na bumaba,” tugon nito.

“Hindi na. May bibilhin pa ako.” Isinukbit niya ang kanyang bag at hinagilap ang mga bagahe. Kanina pa nag-aalboroto ang tiyan ni Celine sa gutom kaya titingin siya ng makakainan. Hindi na niya kayang iabot pa sa Nagtipunan ang gutom niya.

Nasilaw siya sa liwanag nang makababa siya ng bus. Alas siete pa lang ng umaga, pero napakatindi na ng sikat ng araw. Sinalubong na rin siya ng mainit na temperatura nang makalabas na siya mula sa air-con bus. Tinanggal ng dalaga ang kanyang jacket at isinilid iyon sa kanyang knapsack.

Nilinga niya ang paligid. Nasa harap siya ng public market, pero wala siyang makita roon na kahit isa sa mga kilalang fastfood chain.

“Wala bang *Jollibee* o *McDo* man lang dito?” tanong niya sa binatilyong napadaan sa harap niya.

“*Ma-id*,” sagot nito sa kanya, sabay iling.

Nalaglag ang panga ni Celine. Hindi siya makapaniwala na walang fastfood chain sa Maddela.

Obligadong sa Nagtipunan na lang siya kakain. Sumakay siya sa tricycle papuntang terminal ng jeep.

Di pa man nag-iinit ang puwit niya ay tumigil na ang tricycle. “Dito na iyon?”

“Opo, Madam,” tugon nito.

“Sobrang lapit pala talaga.” Inabutan niya ang beinte pesos sa driver. Naghintay siya para sa kanyang sukli.

“Thank you, Madam!” Tila wala itong balak na suklian siya.

“Mahal pala ang tricycle fare dito?” may inis na

sabi niya. Masyadong mahal ang beinte pesos para sa halos ilang dipa lang na tinakbo nito.

“Pila po kasi, Madam,” pangangatwiran naman nito.

“*Mapanin!*” Malakas na tinig ang kanyang narinig.

Napalingon siya sa pinanggalingan ng tinig na iyon. Nakita niya ang isang lalaking nakasabit sa likuran ng jeepney na nakaparada sa terminal. May karatula ang jeep na ‘Nagtipunan’.

“Ano daw?” tanong niya sa tricycle driver.

“Aalis na daw po,” sagot nito.

Napaigtad si Celine. “Ay, sasakay ako diyan!” Nagmadali na siyang bumaba sa tricycle. Dinampot niya ang mga dala-dalahan saka hinabol ang paalis ng jeepney. “Gotcha!” Habol niya ang hininga nang makasampa siya sa jeepney.

“Alam mo ba iyong *Jessa Carinderia* sa Nagtipunan?” tanong niya sa nakasabit na konduktor ng jeep. Doon kasi siya pinabababa ni Patrice. May susundo raw sa kanya roon.

“Opo, Madam,” magalang na tugon nito.

“Doon mo ako ibaba, ha?” bilin niya.

“Sige po,” anitong ngumiti.



Nagbayad si Celine sa konduktor ng jeep nang ibaba siya nito sa *Jessa Carinderia*. Maliit lamang

ang kainang iyon na gawa sa gusaling kahoy.

Wala pa namang sasakyan na nakaparada sa tapat ng karinderia, kaya nasisiguro niyang wala pa ang taong sinasabi ni Patrice na susundo sa kanya.

Naramdaman niya uli ang pagkalam ng kanyang tiyan. Ipinasya niyang kumain muna habang naghihintay ng sundo.

Ibinaba niya sa sahig ang dalang mga sando bags, ngunit nanatiling kipkip niya ang box ng wedding gown. Binuksan niya ang unang kaserola mula sa hilera ng mga kaserolang naka-display sa isang wooden table na nakaposisyon sa harap ng wooden counter.

“Ano po ito?” tanong niya sa tinderang nakabantay.

“Pinikpikan iyan, Madam,” tugon ng babae.

“Ano po ang pinikpikan?”

“Manok, Madam.”

“Taga-saan ka ba?” Isang matapang na tinig ang kanyang narinig mula sa likuran niya.

Napalingon siya sa pinanggalingan ng nagsalita. Isang lalaki iyon na may nakasukbit na baril sa baywang ng pantalon nito. Mukhang maangas ito.

“*Taga-Visaya ka wenno taga-Manila? Apay agtag-Tagalog ka?*” tila galit na sita nito sa kanya. Hinimas-himas nito ang baril na nasa baywang nito, parang anumang oras ay nakahanda nitong

bunutin iyon at barilin si Celine.

Napako na ang dalaga sa kinatatayuan niya kasabay ng pangangatog ng kanyang mga tuhod sa sobrang takot. Kahit di siya marunong mag-Ilocano ay naunawaan niyang ayaw nitong nagsasalita siya ng Tagalog.

*Patay, bawal pa yatang mag-Tagalog dito!*

“Ano ba ito, Manang?” puno ng takot na tanong niya sa tindera. “Bakit po nagagalit siya sa akin?” Hindi niya mapigil ang panginginig ng katawan dahil sa nerbyos.

“Huwag mo namang takutin ang customer ko, Robin!” pakiusap ng tindera sa lalaki.

Nahigit niya ang hininga nang binunot nito ang baril na nakasukso sa baywang nito saka itinutok sa kanya. “*Madi kayo ag-Tagalog kunak!*” nanggagalaiting bulyaw nito sa kanila. “*Paltugan kayo!*”

Kumalas sa kilikili ni Celine ang kipkip na box. Naramdaman niyang nalaglag iyon sa sahig na kahoy. Napasigaw siya habang ang mga mata ay madiin sa pagkakapikit. Itinakip niya sa mukha ang hawak na takip ng kaserola na tila ba kaya niyong sanggain ang bala kung tutuluyan siyang barilin nito.

“Huwag po, Manong. Hindi po ako marunong mag-Ilocano o mag-Ifugao. Pero marunong po



akong mag-English. Please don't shoot me, I beg you!"

*"Haan mo nga pakibiyangan dayta sangailik, Robin!"* Isa pang tinig ng lalaki ang narinig niya.

Napamulat siya ng mga mata. Galing ang boses sa labas ng karinderia.

Nanlaki ang mga mata niya nang makita ang nagmamay-ari ng tinig na iyon. Isa iyong guwapo at matipunong lalaki na pababa pa lang sa isang motorsiklo. Nakasuot ito ng itim na jacket, fitted na maong jeans at black rubber shoes.

Hindi maintindihan ni Celine kung bakit biglang kumabog ang dibdib niya nang makita ang estranghero. Hindi na niya maialis ang tingin sa mukha nito.

*"Agtag-Tagalog ngarud!"* Narinig niyang muli ang matapang na tinig ni Robin.

Bumalik uli ang nerbyos niya. Muntik na niyang makalimutan na may nakatutok nga palang baril sa kanya.

Napatingin siya ulit sa bagong dating na lalaki.

Lalo siyang natakot. Naisip niya kasi na baka kalabitin na ni Robin ang baril nitong nakatutok sa kanya dahil sa pakikialam ng lalaking ito. Hindi kaya ang huli pa ang maging dahilan ng maaga niyang kamatayan?

*"Agawid ka lattan, wen!"* Mahinahon lang ang

tinig ng guwapong estranghero, kaya nauunawaan niyang sinisikap nitong kunin sa diplomasya ang lalaking nakatutok pa rin ng baril sa kanya.

Lalong humigpit ang hawak ni Robin sa baril. Bakit di pa kasi dambahin na lang ni Mr. Guwapo ang maangas na ito para maagaw ang baril?

“Diyos ko po, ayaw ko pa pong mamatay!” takot na takot na sambit niya.

Narinig niyang natawa ang guwapong lalaki.

Naimulat ni Celine ang mga mata. Tama bang pagtawanan pa siya nito?

Pinandilatan niya ang kaharap, pero lalo pa itong natawa sa kanya. Buti na lang at lalo itong gumuwapo sa paningin niya dahil nawala ang mga mata nang tumawa.

*“Adda met laeng paltog ko isu nga husto daytan!”*  
Muling hinarap nito si Robin.

*Ano daw? Ano’ng sinasabi ng mga ito?*

Inilihis nito ang laylayan ng jacket nito. Nanlaki ang mga mata niya nang makita ang baril na nakasukbit sa baywang ng pantalon nito. Kaagad din nitong binitawan ang laylayan ng jacket kaya muling naitago ang baril. Tila ipinasilip lang nito iyon kay Robin.

Napatingin siya sa lalaki. “Ano’ng nangyayari?” Nanginig na ang boses niya. “Huwag n’yong sabihin na magbabarilan kayo dito?”

Muli itong natawa sa kanya. Nakakadama na siya ng inis sa estranghero. Bakit ba parang aliw na aliw ito sa kanya gayong napakadelikado na ng sitwasyon niya?

“*Beinte man ngarud!*” Inilahad ni Robin ang kamay.

Nalaglag ang panga ni Celine. Beinte nga ba ang narinig niya?

Nakita niyang dumukot sa bulsa ang guwapong lalaki at iniabot sa kanina lang ay tila nag-aamok na kausap. “*Sige, ingkan, wen?*”

Hindi siya makapaniwala sa nakikita.

Matapos tanggapin ang beinte pesos ay ibinaba na ni Robin ang baril at inihipan pa ang dulo niyon bago isinukbit muli ang sandalata sa baywang nito. Umalis ito na parang walang nangyari.

“Wow!” Naibuga niya rin ang hangin na kanina pa niya pinipigilan. “Natakot ako d’on, ah!” Hinagod niya ng palad ang kanyang dibdib.

Nakita niyang napangiti ang lalaking tagapagligtas niya. Natigilan na naman siya nang mapadako ang mga mata niya sa mukha nito. Ang guwapo talaga nito! Crush na nga yata niya ito.

“May hataw iyon. Play gun lang ang kinatakutan mo.” Pinulot nito ang box ng wedding gown na ngayon ay nakakalat na sa sahig.

Play gun nga ba ang narinig niyang sinabi nito?

Play gun lang ang itinutok ni Robin sa kanya?

Biglang uminit ang ulo ng dalaga. Hindi birong nerbyos ang inabot niya sa trip ng mga ito. “Gan’on!” Inirapan niya ito. “Kaya pala kanina mo pa ako pinagtatawanan kasi naglalaro lang pala kayo.” Hindi niya napigilang pamaywangan ito. “Lakas din ng trip n’yo, ah. Nagsusukbit kayo ng play gun para mang-goodtime ng tulad kong hindi marunong mag-Ilocano? Ay, hindi ito nakakatawa!”

Napatingin ang lalaki sa mukha niya. “Iyong kay Robin lang ang play gun. Itong akin ay totoo.” Tumingin ito sa harapan nito.

Bakit ba kasi sinundan niya pa ang tingin nito? Tama bang sa nakaumbok nitong hinaharap mapadako ang kanyang paningin? Nangapal ang mukha ni Celine nang mapagtanto na *iyon* ang sinasabing baril nito na totoo. Kahit guwapo ito ay hindi niya kayang palampasin ang ganoon.

“Bastos ka rin, ano!” Pinukol niya ito ng matalim na tingin.

“Bastos?” Nalaglag ang panga nito bago ito napatinging muli sa harapan nito. Nang muling ibalik ng kaharap ang tingin sa mukha niya ay nakita niya ang nakakalokong paraan ng pagngiti ng lalaki. “Saang baril ka ba kasi nakatingin?”

Pakiramdam ni Celine ay nangapal nang husto ang mukha niya. Bakit parang pinalilitaw ng mga

ngiti nito na siya pa ang malisyosa? Gusto niyang isampal sa mukha nito ang hawak na takip ng kaserola.

“Mabuti na lang dumating ka, Tinyente. Akala ko magwawala na naman si Robin.” Pinutol ng tindera ang umiinit ng usapan nila.

Napatingin siya sa lalaki. Tinawag ito ng tindera na ‘Tinyente’. Bigla siyang kinabahan. Buti na lang pala at napigil niya ang sarili. Kung isinampal niya pala ang takip ng kaserola rito ay tiyak na poposasan siya nito.

“Ano, kakain ka pa ba?” tanong ng lalaki sa kanya. Sinilip nito ang kaserolang nakabukas. “Huwag ito.” Kinuha nito mula sa kamay niya ang hawak na takip at ibinalik iyon sa nakabuyangyang na pinikpikan. “Hindi mo ito maa-appreciate kasi this is our way of cooking a chicken,” paliwanag nito. “Pinapatay sa palo ang manok nang hindi pinapadugo. Ito iyong tinatawag nilang ‘killing me softly.’ Sinusunog din ang balahibo nito imbis na banlian ng tubig.” Tumingin ito sa kanya. “Ano, gusto mo pa nito?”

Mabilis siyang umiling. Napatitig ang dalaga sa kausap habang binubuksan nito ang iba pang kaserola na tila ito pa yata ang mamimili ng kakainin niya. Kahit bastos ito at arogante, guwapo talaga ang moron. Nakapanlalambot ang

kaguwapuhan nito!

“Ito na lang, nilagang baka. Pinaka-safe na itong orderin mo,” anitong tumingin sa kanya. Nahuli siya nitong nakatitig sa mukha nito.

Nataranta ang babae nang magtama ang mga tingin nila. Hindi niya alam kung saan niya ibabaling ang kanyang mga mata.

“You need to eat, Celine. Malayo pa ang lalakbayin natin.”

Nanlaki ang kanyang mga mata nang banggitin nito ang pangalan niya. Ito pa yata ang sinasabi ni Patrice na susundo sa kanya na pinsan nito?

Nasapo niya ang noo. Bakit naka-single motor lang ito gayong alam naman ng amo niya na marami siyang karga?

“Zack.” Iniabot nito ang kamay sa kanya. “Pinsan ako ni Patrice at ang misyon ko ay dalhin kita sa kanya nang safe.” Nawala ang mga mata nito nang ngumiti.

Tumango lang si Celine pero hindi niya tinanggap ang kamay nito. Ayaw niyang masayaran siya ng anumang parte ng katawan ng bastos na lalaking ito kahit pa nakakapugto ng hininga ang kaguwapuhan.

## Chapter Two



**B**inawi ni Zack ang kamay nito. Napahiya yata ito sa pagtangi ni Celine na makipagkamay rito. Tinitigan lamang kasi siya nito.

“Mainit pa ba ang sabaw ng nilaga mo, Manang?” tanong nito sa tindera, pero ang mga mata ay nanatiling nakatingin sa kanya.

Uminit bigla ang pakiramdam niya. Parang may apoy ang mga titig nito.

“Nakasalang ang sabaw niyan, Tinyente, kaya mainit na mainit,” anang tindera.

“Bigyan mo kami ng nilagang baka at piniritong tilapia, Manang Jessa,” anitong nagbigay ng order sa kausap. “Dalawang kanin din,” pahabol pa ni Zack na sa wakas ay inalis ang pagkakatingin sa kanya.

“Kailan ka pala dumating, Tinyente?” tanong ng nakatatandang babae habang sumasalok ito ng inorder na pagkain ni Zack.

“Kahapon lang, Manang. Mag-aabay lang kay 'Insan.” Nakita muli ni Celine ang mga ngiti nito. “Napansin kong wala pa ring pagbabago dito sa atin, Manang.”

“Dati pa rin, Tinyente.” Isinilbi na ni Manang

Jessa ang mga order nila. “Ikakasal na nga pala ang pinsan mong si Patrice, naunahan ka pa niya,” kanyaw nito kay Zack.

Tumingin ito sa babaeng nagsisilbi sa kanila ng pagkain. “Huwag kang mainip, Manang Jessa, kasi sa tingin ko ay malapit na rin akong ikasal. Sa tingin ko’y nakita ko na rin sa wakas ang babaeng pakakasalan ko.”

Napatingin bigla si Celine sa binata. Huling-huli niyang nakatingin ito sa kanyang mukha.

Bakit sa kanya ito nakatingin? Sino ang babaeng pakakasalan nito, siya? Hindi ba bolero ang lalaking ganito? Ngayon lang sila nagkita!

Hindi niya napigilan ang sarili na irapan ito.

“Kumain ka na para makaalis na tayo.” Tinusok nito ng tinidor ang pritong tilapia at inilagay iyon sa plato niya. Nakita niyang nagpiga ito ng kalamansi at nagbuhos ng toyo sa platito. “You want it spicy?” tanong nitong hinawakan ang bote ng suka na may lumalangoy na mga sili.

Umiling siya.

“Okay!” Ibinaba nito ang bote ng sukang may sili. Kinuha ni Zack ang isang tilapia at inilagay iyon sa pinggan nito saka nagsimulang kumain. Humigop ito ng sabaw ng nilagang baka. “The soup is good,” turo nito sa bowl niya na may ganoon ding putahe.



Kumakalam ang sikmura ng dalaga sa gutom, kaya kahit mabigat ang loob niya sa kausap ay kailangan niyang kumain. Nakaramdam siya ng ginhawa nang masayaran ng mainit na sabaw ang kanyang tiyan. Halos wala nang laman ang bowl nang tigilan ni Celine sa paghigop.

“Gusto mo pa?” tanong nitong nakatingin pala sa kanya.

Pakiramdam niya ang nag-blush siya nang maisip na baka isipin nitong matakaw siya. Naging eksaherado ang naging pag-iling niya.

“P’wede namang magsalita, hindi kita babarilin kahit mag-Tagalog ka pa,” tatawa-tawang sabi nito.

He caught her off-guard. Sukat matawa siya sa biro nito.

Mayamaya ay tumigil si Celine sa pagtawa. “Wala bang ibang susundo sa akin? Ikaw lang ba talaga?”

Umiling ito. “Wala, Ako lang talaga.”

Dahil tapos na silang kumain, nagtungo sa counter si Zack at nakita niyang binayaran nito ang kanilang kinain.

“Ano, tara na?” aya ng lalaki sa kanya matapos itong masuklian ng tindera. Binitbit na niya ang mga dala-dalahan. Nagulat pa siya nang kunin nito ang mga iyon sa mga kamay niya. “Ako na ang magdadala ng mga iyan.” Nagpatiuna na itong

lumabas sa karinderia.



“Bakit diyan mo itatali ang mga iyan?” reklamo ni Celine nang makitang itinatali ni Zack ang mga sando bags sa hulihang bahagi ng upuan ng motorsiklo. Ibig nitong sabihin, aangkas siya nang nakadikit ang katawan sa lalaking ito. Sa laki kasi ng space na sinakop ng mga sando bags ay tiyak niyang lalapat ang dibdib niya sa likod ng lalaki sa natitirang space para sa kanya. Inaamin niyang crush niya ito pero hindi siya cheap! *Diskarte naman nito, bulok!*

Naitigil nito ang ginagawa. “Kaya mong bitbitin ang mga ito habang nakaangkas ka sa akin? Baka mamaya mapilay iyang kamay mo.”

Ipinadama niya sa kausap na nainis na siya rito. “Bakit ko bibitbitin ang mga iyan kung p’wede naman na sa pagitan natin ay doon mo ipuwesto?” napipikon nang protesta niya. “Feeling naman nito. Gumuwapo lang nang konti, ang yabang na!”

Nakita niyang kumunot ang noo ni Zack nang marinig ang sinabi niya. “Magaling ka bang kumapit?” tila nang-aasar na tanong nito.

“This isn’t my first time na umangkas sa motorsiklo,” nakatirik ang mga matang pahayag niya.

“Okay, s’abi mo. Mabait naman ako kaya

pagbibigyan ko ang request mo.” Kinindatan siya nito.

Kailangan talaga may kindat? Akala ba ng lalaking ito, cute ang tingin niya rito sa pakindat-kindat nito? Bagaman cute naman talaga ito, pero nayayabangan pa rin siya sa kausap.

“Talaga lang, ha? Mabait ka pa pala sa lagay na iyan!” Napaismid si Celine.

Nagsalubong ang mga kilay nito. “Bakit naman hindi? Ano ba ang mabait para sa iyo?” Umismid ito.

Hindi niya iyon sinagot. Mabait man ito, bastos nga lang at mayabang.

Kinalas ni Zack ang naitali nang mga sando bags at inilipat ang mga iyon sa gitnang bahagi ng upuan. Nagsilbi iyong boarder sa pagitan nila.

Nanlaki ang mga mata ni Celine nang makitang hinuhubad nito ang suot na jacket.

*Sine-seduce ba talaga ako nitong hinayupak na ito?*

Natambad sa harap niya ang maskuladong katawan nito na bakat na bakat sa suot nitong fitted shirt. Kailangan ba talagang pakitaan siya ng katawan nito?

“Mag-jacket ka. Sayang iyang puti mo kung mabibilad ka lang sa araw. Hindi uubra ang sunblock mo dito.” Iniabot nito sa kanya ang

hinubad na jacket.

Natulala si Celine nang mapagtantong kaya nito hinubad ang jacket ay para ipagamit sa kanya.

Muling kumabog ang dibdib niya. Bakit ba may kiliti siyang naramdaman nang napansin nito ang maputing kutis niya? Ilang sandali rin siyang natigilan bago siya natarantang sabihin dito na may dala siyang jacket.

Isinuot nitong muli ang jacket nang tanggihan niyang isuot iyon. Panghihinayang ba ang nadama niya nang isuot nitong muli ang hinubad na jacket? Naitago kasing muli ang matipunong katawan ni Zack.

Sumakay na ito sa motorsiklo pagkatapos nitong iabot sa kanya ang isang helmet. Nagsuot na rin ang lalaki ng helmet kaya umangkas na siya sa likuran nito.

Napangiwi siya nang maramdamang kalahati lang ng puwet niya ang nakaupo habang ang kalahati ay naka-hang na sa ere. Masyadong malaki ang sinakop na space ng mga karga niya.

“Ready ka na?” Nilingon siya ng kasama.

Nainis siya nang makitang natawa ito sa hitsura niya.

“May nakakatawa?” Tinaasan niya ito ng kilay.

“Gusto mong pahirapan ang sarili mo, di sige. Request mo iyan!” anitong binuhay na ang

motorsiklo.

“Mas gusto kong mahirapan kaysa mapaligaya ka, ano!” nang-aasar ding banat niya.

“You did it, Miss Celine. Buhat kanina, you didn’t fail to amuse me.” Muli itong natawa. Nilingon pa siya nito bago muling nagsalita. “Kapit mabuti, Miss Celine!”

Pinaharurot ng binata ang motorsiklo kaya napasigaw siya. Hindi ba nito alam na kalahati lang ng puwet niya ang nakaupo? Buti na lang at nakakapit siya sa suot nitong jacket kaya hindi siya nalaglag.

Nilingon siya ni Zack nang marahil ay naramdaman nito na nakakapit siya sa jacket nito. “Kapit lang, okay lang sa akin.”

Binitawan niya ang pagkakakapit sa jacket nito.

“Mahaba pa ang byahe, Miss Celine, kaya huwag mong pahirapan ang sarili mo. Hindi ako malisyosong tao, kaya p’wede kang kumapit sa akin.” Nilingon siya nito. “O baka gusto mong ipalagay sa gawing likuran ang mga karga mo para di ka mahirapan? Madali akong kausap. Sabihan mo lang ako kung nagbago na ang isip mo.”

“No, thanks. Kaya ko ito, go!” Kailangan niyang manindigan. Masyado na niyang napapaligaya ang lalaki.

Muli nitong pinaharurot ang motorsiklo. Wala

siyang nagawa kundi ang kumapit sa magkabilang balikat nito kaysa malaglag siya sa sementadong daan.



Maburol ang daan papuntang Nagtipunan. Tila mais ang pangunahing produkto nila roon. Lahat ng nadaanan nilang burol ay nalalatagan ng mga namumungang mais. Busog na busog ang mga mata ni Celine sa magagandang tanawin. Hindi niya maiwasang mamangha at matulala sa ganda ng lugar.

Naramdaman niyang nilingon siya ni Zack, pero hindi na niya iyon napagtuunan ng pansin. Nanlalaki talaga ang mga mata niya at nakalaglag ang panga niya habang pinagmamasdan ang dami ng mga burol. Berdeng-berde ang paligid at napakapresko pa ng simoy ng hangin, malamig at amoy mais.

May treinta minuto rin silang bumabaybay sa sementadong daan, kaya nakakaramdam na ng ngalay ang kanyang balakang. Lumipas na ang pamamangha niya sa lugar kaya nagsisimula na siyang makaramdam ng ngawit. Pakiramdam niya ay namamanhid na rin ang kanyang mga paa.

Lalong nahirapan ang dalaga nang pumasok na sila sa baku-bako at mabatong daan. Sa tuwing sasadlak sa bato ang gulong ng motorsiklo ay

umaangat ang puwit niya sa upuan. Ang lalaking may hawak ng selinyador ay tila walang pag-iintindi sa angkas nito. Hindi man lang magdahan-dahan gayong kalahati lang ng puwit niya ang nakaupo. Mahigpit na ang kapit niya sa mga balikat nito para di siya mahulog.

May natanaw siya sa gawing unahan ng daan na mga nakahilerang motorsiklo na nasa paanan ng isang matarik na bundok. Uso pala talaga rito na service vehicle ang mga motorsiklo. Tumigil doon ang motorsiklong sinasakyan nila.

“Huwag mong sasabihing may plano ka pang bumili ng motorsiklo? Tanghali na tayo,” aniya nang lumingon si Zack sa kanya. Para kasing display center iyon ng mga used motorcycles.

“Hindi iyan binebenta, Miss Celine. Iyan ay mga pampasaherong motorsiklo.” Inalis nito ang helmet at sinenyasan siya nitong bumaba muna sa two-wheel vehicle.

“Single motor ang mga pampasaherong sasakyan dito?” nagtatakang tanong niya. Inalis niya ang suot na helmet nang makababa siya sa motor.

“Kasi hindi kayang akyatin nang may sidecar na motorsiklo ang bundok na iyan,” turo nito sa matarik na bundok.

Nanlaki ang mga mata niya. “Diyan tayo

dadaan?” Parang sobrang tarik naman ng itinuro nitong bundok.

“Pagbaba ng bundok na iyan ay doon na ang ating destinasyon. P’wede naman tayong umikot para di ganito katarik ang daraanan natin pero sobrang layo. Alam kong ngalay ka na kaya dito na lang tayo dadaan para makamenos ng oras.” Sinimulan nitong kalasin ang tali ng mga sando bags saka ito muling tumingin sa kanya. “Ilipat na natin ang mga ito. Sa tarik niyan ay kailangan mong makakapit nang husto sa akin.”

Hindi niya napigilang mapaismid sa narinig na sinabi nito. Ang lakas kasi ng hinala ni Celine na kaya gusto ng kasama na dito dumaan ay para makatsansing ito.

“Kung ayaw mo naman sa akin ay mamili ka sa mga motorsiklong nariyan na gusto mong sakyan. Magkita na lang tayo sa kabila ng bundok.”

Nababasa ba nito ang naiisip niya?

Itinuro ni Zack ang nag-uumpukang mga lalaki sa isang kubol sa di-kalayuan. Okay lang sana sa kanya na pulos mapupula ang mga bibig at mga ngipin ng mga iyon, kaya lang ay naisip niya na paano siya makakasigurong hindi bastos ang mga ito na tulad ni Zack? Napatingin siya sa kasama. Kahit bastos ay guwapo naman ito at mabango.

Napabuntong-hininga ang dalaga.



## Chapter Three



“**T**rabaho lang ito, Miss Celine, at walang malisya kaya sana gawin na lang natin itong madali para sa ating dalawa,” sabi ni Zack nang natatagalan na si Celine sa pagdedesisyon.

Nilabian niya ito. “Walang malisya? Kaya pala unang kita mo pa lang sa akin kanina, eh, nagpahiwatig ka na agad na gusto mo na akong pakasalan. ”Tapos gusto mo akong maniwala ngayon na wala kang malisya sa akin?”

Nanlaki ang mga mata nito bago bumunghalit ng tawa. “Nakakatawa ka talaga, Miss Celine!”

Nainis siya sa paraan ng pagtawa nito. Bakit parang aliw na aliw ito sa kanya?

“Sabagay, maganda kang panda bear, Miss Celine, kaya di kita masisi kung inakala mong ikaw ang tinutukoy ko kanina.” Tumatawa pa rin ito habang papasakay muli sa motorsiklo.

*Sino’ng panda bear?*

Napatingin siya sa side mirror ng motorsiklo. Maitim nga pala ang palibot ng kanyang mga mata dahil paputul-putol ang kanyang tulog sa bus papuntang Quirino. Ngarag na rin pala ang hitsura niya lalo pa’t tila nanigas na ang kanyang buhok sa

dami ng nakadikit na alikabok doon.

Pakiramdam ni Celine ay nangapal ang kanyang mukha nang maisip na kaya panay ang tingin nito sa kanya kanina ay dahil nawi-weirduhan ito sa hitsura niya. Akala pa naman niya ay nagagandahan ito sa kanya. Sino pala ang sinasabi ni Zack na babae na papakasalan nito? Hindi naman siguro si Aling Jessa.

“Salamat naman!” pasarkastikong tugon niya, sabay taas ng dalawang kamay sa ere. Nais niyang iparamdam dito na magpapasalamat siya sa Diyos kung hindi siya ang babaeng tinutukoy nito na pakakasalan para mapagtakpan ang pagkapahiya niya.

“Marunong ka rin palang magpasalamat.” May himig ng pang-iinsulto ang tinig nito. “Akala ko wala sa bukabularyo mo ang salitang iyan.”

Sigurado siyang namula ang kanyang mukha. Gusto na niyang kagatin sa leeg ang lalaking ito.

“Sasakay ka ba o mamamasahero ka?” Tinaasan siya nito ng kilay.

“Maglalakad ako!” may inis na sambit ni Celine bago siya nagmadaling sumampa sa motorsiklo nito. Baka kasi mapikon ito at iwan siya. “Tama bang magtanong pa, eh, trabaho mo ang ihatid ako kay Patrice?”

Nakita niyang napailing si Zack pero nakita niya

ang bahagyang pagyugyog ng mga balikat nito, kaya sigurado siyang pinagtatawanan na naman siya nito.

“Kumapit kang mabuti kasi matarik talaga ang daang ito. Gaya ng nasabi ko na kanina, p’wede kang yumakap sa akin.” Paglingon ng lalaki ay halos dumikit ang mukha nito sa mukha niya.

Bakit ba parang nilalamon siya ng enerhiya ng lalaking ito? Parang lalong na-drain ang energy niya nang madikit ang katawan niya sa katawan nito.

Isinuot nito ang helmet kaya isinuot na rin ni Celine ang helmet niya. Napayakap siya sa kasama nang bigla nitong binuweluhan ang pag-akyat sa bundok. Napapikit pa siya. Kung hindi niya ito yayakapin ay maitutulak ng puwit niya ang nakataling mga bagahe sa gawing likuran niya. Dumudulas ang kanyang pang-upo sa tarik ng inaakyat nilang bundok.

Nang maabot nila ang ituktok ng bundok ay mas nakakalula ang pababang bahagi ng daan. Pasubsob na ang posisyon nila habang pababa sila sa bundok kaya lalong lumapat ang dibdib niya sa likod ni Zack. Isinubsob ni Celine ang mukha sa likod nito dahil nalulula siya sa tarik ng daan pababa. Para silang nakasakay sa roller coaster. Hindi niya alam kung bakit imbis na kabagutan

niya ang byahe ay na-enjoy pa niya iyon nang husto.

Ilang minuto sila sa ganoong posisyon. Naamoy niya ang cologne ng binata at ang amoy ng suot nitong jacket, amoy 'rubadabango'. Mabuti na lang pala at nagdesisyon siyang dito sumakay. Kung nagkataon palang mas pinili niyang mamasahero, baka hindi naging ganito kasarap sa pakiramdam ang byahe niyang iyon.

Natanaw na ni Celine ang mga kabahayan sa paanan ng bundok. Tanaw niya mula sa itaas ang buong baranggay. Hindi niya alam kung saan galing ang tila panghihinayang na naramdaman niya nang maisip na malapit nang matapos ang adventure nilang iyon ni Zack.

Sa isang semi-concrete na bahay ang tinigilan ng motorsiklo. Sinabi ni Zack ay roon na raw ang bahay ng mga magulang ni Patrice. Simple lang ang bahay kaya alam niyang simple lang din ang buhay ng mga magulang ng kanyang amo. Unti-unti na niyang naiintindihan kung bakit nagpapakawais ang kanyang amo sa buhay. Nalagyan na rin ng tolda ang buong paligid ng bahay kaya tiyak niyang handang-handa na ang lahat para sa kasal kinabukasan.

Sinalubong sila ni Patrice na malawak ang pagkakangiti. Halatang natuwa ito nang makita

sila. “Thank you, ’Insan, ha?” Sinuntok pa nito ang tiyan ni Zack nang malapitan nito ang lalaki.

“Okay lang iyon, ’Insan. Sige, tuloy na rin ako. May parating din akong mga bisita,” paalam nito sa babae.

“Akala ko ba gusto mo ng buko? Namitas si Tatang kaya magpalamig muna kayo. Siguradong nauhaw kayo sa init ng panahon.” Binalingan siya nito. “Nakarating ka rin sa wakas dito sa amin. ’Musta naman ang byahe n’yo?”

“Indiana Jones!” tumatawang tugon ni Celine. Nilingon niya si Zack. Nakasunod ito sa likuran niya. Bakit ba parang ikinatuwa niya na nagpaunlak itong huwag munang umalis?

Sumalubong ang ilang matatanda sa kanila nang makapasok sila ng bahay.

“Ito ang mga elders namin,” pakilala ni Patrice sa mga ito.

Bilang paggalang ay nagmano siya sa mga ito.

“*Narespetar!*” anang isang matanda.

“Ano daw?” Napatingin si Celine kay Zack na ngayon ay nasa tabi na niya.

“Magalang ka daw,” tugon nito.

Hindi niya napigilang mapangiti. “Ah, okay!” May kaligayahan siyang nadama sa puso dahil natuwa ang mga elders sa kanya.

“Ag-momma ka, Zack.” Inabutan ng isang

matanda ng nakabilot na berdeng dahon ang binata. Tinanggap nito iyon at isinubo sa bibig.

“*Kayat mo?*” Nakita niyang inaabutan din siya ng matanda ng gaya ng isinubo ni Zack.

Kinuha niya iyon bagaman wala siyang idea kung paano nga ba iyon kainin o kung ano ba ang lasa niyon. Ayaw niya lang na mapahiya ang matandang nag-alok nito sa kanya.

Tumingin siya kay Zack bago niya isinubo iyon na gaya ng ginawa nitong pagsubo. Ngingunguya na nito ngayon ang kinakain kaya sinimulan niya rin iyong nguyain.

Maanghang ang pagkaing iyon kaya nalukot ang mukha niya. Sinikap pa rin niyang ngumiti nang makitang nakatingin sa kanya ang matatanda. Sigurado siyang kahit si Amorsolo ay hindi na kayang ipinta ang hitsura niya ngayon. Maanghang na mapakla ang momma. Kumatas ang bibig niya. Hindi niya alam kung ano ang gagawin. Nanatili siyang nakatingin kay Zack para gayahin kung ano ang gagawin nito. Abot ang panalangin niya na sana lang ay huwag nitong lunukin ang katas.



Naaaliw si Zack habang pinagmamasdan ang hitsura ni Celine. Namumula ang mukha nito sa lasa ng isinubo nitong momma, pero tila naninindigan ito na huwag iyong iluwa.

Buhat kaninang nakilala niya ang babae ay hindi na ito tumitigil na i-amuse siya. Hindi niya alam kung likas na may sense of humor ito o aksidente lang na napapatawa siya nito. Ang gaan tuloy ng loob niya sa dalaga. Pakiramdam niya nga ay matagal na niyang kilala ito. Masyadong palagay ang loob niya rito, kaya siguro nagawa niyang biru-biruin ito kanina.

“Idura mo ang katas.” Niyaya niya si Celine sa tapat ng bintana. Idinura niya ang katas ng momma na nasa kanyang bibig at ginaya naman nito ang ginawa niya.

“Talaga bang mainit sa bibig ang pagkaing ito?” tanong nito.

Tumango siya. “Pero hindi iyan pagkain.”

Napatingin itong bigla sa kanya. “Eh, bakit isinusubo at ngingunguya kung hindi pala ito pagkain?” napataas ang tonong tanong nito.

Natawa si Zack nang makitang tila nais na nitong iluwa ang nasa bibig. “Parang usok lang din ng sigarilyo iyan na hihithitin saka ibubuga. Sina-satisfy lang ang bibig then iluluwa din.”

Nag-panic bigla ang hitsura ng babae. “Paano iyan, may nalulon akong katas kanina? Hindi kaya ako mamatay?”

Napalakas ang tawa niya sa tanong nitong iyon. “Wala pa namang namatay sa momma, kaya wala

kang dapat ipag-alala. Mag-toothbrush ka na lang pagkatapos para di mamantsahan ang mga ngipin mo. Sayang, ang puputi pa naman.”

Nakita niyang nag-iwas ng tingin ang kausap na parang nakadama ito ng hiya sa pagpuri niya sa mapuputing ngipin nito. Iyon pa ang isang kinaaaliwan niya kay Celine. Kapag nagba-blush ito, lalo itong nagiging cute sa paningin niya.

“Lagi ka bang nagmo-momma?” tanong nito. “Buti hindi mapula ang ngipin mo.”

Umiling siya. “Kapag inalok lang ako ng mga elders. Saka nagsesepilyo ako kaagad para di kumapit sa ngipin ang stain. Nahihiya naman kasi akong tanggihan sila.”

“Ah!” Muli itong dumura. “Pakisabihan na lang ako kung p’wede nang itapon ito,” pasimpleng sabi nito na ikinatawa nang malakas ni Zack.

“Shh! Huwag kang maingay.” Nataranta marahil si Celine kaya nahila nito ang laylayan ng kanyang jacket. Parang ayaw nitong mahalata ng lola niya na nais na nitong itapon ang nasa bibig.

Lalo siyang naaliw rito. Kaugalian ng matatanda sa kanila na alukin ng momma ang kanilang bisita. Ang sinumang bisita na tatanggap sa momma ay ituturing nilang kapamilya. Mamahalin nila ito at hindi ituturing na iba sa kanila.





Kanya-kanyang sukat ng mga gowns ang mga abay, kaya naupo si Celine sa isang sulok habang hinihilot ang nananakit niyang batok. Ipinikit niya ang kanyang mga mata dahil umaalon na ang tingin niya sa mga ito.

“Lumipat ka na lang sa loob, Miss Celine, para makapagpahinga ka.” Tinig ni Zack iyon kasabay ng mahinang pagtapik nito sa balikat niya.

Napapitlag ang dalaga. Mabilis niyang inayos ang poise niya. Narito pa pala ang lalaking ito. Kanina pa ito nagpapaalam kay Patrice, pero di pa rin ito nakaalis.

“Doon ka na lang sa kuwarto,” turo nito sa nakakurtinang pinto. “Kuwarto iyon ni Joyce, ang bunsong kapatid ni Patrice kaya safe doon.”

Bigla niyang naalala ang tanong nito sa kanya kanina na kung ano ba ang mabait para sa kanya. Kung tutuusin, mabait ito. Nais na tuloy maniwala ni Celine na siya lang naman talaga ang malisyoso.

“Sige na. Mas mapapahinga ka kung makakahiga ka sa kama.” Ngumiti ito.

What’s in those smiles? Bakit parang hinahaplos ng mga ngiting iyon ang kanyang puso?

“Thank you,” mahinang sabi niya.

Hindi niya alam kung ilusyon niya lang iyon, pero kislap nga ba ang nakita niya sa mga mata ni Zack nang marinig nito na nagpasalamat siya?



Nagising si Celine sa lakas ng iyak ng mga baboy. Mukhang sinimulan na ang pagkakatay sa kawawang mga hayop na iyon na ihahanda bukas sa kasal. Bumangon siya nang makita ang oras sa nakasabit na wall clock. Mag-a-alas-onse na pala nang umaga, kaya ipinasya na niyang lumabas ng silid para maligo. Nanlalagkit ang kanyang pakiramdam.

May nakita siyang isang full-length mirror sa loob ng silid, kaya hindi niya pinalampas ang pagkakataon na tingnan ang kanyang hitsura.

Alam kaya ni Zack na dahil sa sinabi nitong panda bear siya ay loobin na lang niyang makatulog na siya at nang mawala na ang pangigitim na nakapalibot sa kanyang mga mata? Alam niya kasing kapag nawala ang mga iyon ay makikita nito ang tunay na hitsura niya.

Naginhawaan si Celine nang makita ang repleksyon sa salamin. Hindi na siya mukhang panda bear. Sa pagkakaalam niya ay maganda siya kaya ganoon na lang ang pagkapahiya niya nang pagtawanan siya ng lalaki. Ang lakas talaga ng pakiramdam niya na siya talaga ang tinutukoy ni Zack na babaeng papakasalan nito. Siguro ay nahiya lang nitong aminin iyon sa kanya.

*Impossible naman na si Aling Jessa iyon, ano!*

Kinilig siyang bigla. Sigurado siyang tinamaan din sa kanya si Zack. Inayos niya ang kanyang sarili bago siya lumabas ng silid. Walang tao sa sala kaya tumuloy siya sa kusina.

“Gising ka na pala,” bati sa kanya ng isang may- edad na babae na kasalukuyang nakaharap sa kalan na de-kahoy nang makita siya. “Nand’on si Patrice sa labas,” turo nito sa pinto na palabas mula sa kusina.

“Salamat po.” Nginitian niya ito bago tinungo ang pintong itinuro.

Halos malaglag ang panga ni Celine sa natumbok ng kanyang mga mata paglabas niya. Pakiramdam niya ay biglang bumilis ang tibok ng kanyang puso nang ang hubad-baro na katawan ni Zack ang tumambad sa paningin niya. Ito ang tumusok sa leeg ng baboy habang hawak iyon ng ilan pang kalalakihan.

Lalong umalinsangan ang pakiramdam niya nang muntik pa siyang nahuli nito na nakalaglag ang panga habang nakatingin sa abs nito. Buti na lang at mabilis niyang nailipat ang mga mata sa kinakatay na baboy para isipin nitong doon siya namamangha.

Nakatingin pa rin si Zack sa kanya nang ibalik niya ang mga mata rito. Nakangiti ito at halos hindi kumurap sa pagkakatitig sa kanya. Pakiramdam ng

dalaga ay mapupugto ang kanyang hininga nang magsalubong ang mga tingin nila.

Ngayon ay tiyak na niyang nagagandahan na ito sa kanya. Pinagmasdan niyang mabuti ang binata na ngayon ay nakatulala sa harapan niya, isa itong perfect boyfriend material. Panahon na rin siguro para magkaroon na siya ng boyfriend. At hindi magdadalawang-isip si Celine na sagutin ito kaagad kung sakaling manliligaw ito sa kanya. May nanliligaw naman sa kanya, si Kenneth, subalit hindi niya ito gusto.

